Social Security

# Ang Pagnanakaw Ng Pagka-kakilanlan At Ang Numero Ng Iyong Social Security

www.socialsecurity.gov

# Ang Pagnanakaw Ng Pagkakakilanlan At Ang Numero Ng Iyong Social Security

Ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan ay isa sa pinakamabilis na lumalagong krimen sa Amerika. Ang isang hindi tapat na tao na may tangan ng iyong numero ng Social Security ay maaaring gamitin ito para makuha ang ibang personal na impormasyon tungkol sa iyo. Ang mga magnanakaw ng pagkakakilanlan ay maaaring gamitin ang iyong numero at ang iyong maganda't mahusay na kredito upang mag-apply ng karagdagang kredit sa iyong pangalan. At pagkatapos, gagamitin nila ang mga credit card at hindi babayaran ang mga pagkakautang. Hindi mo malalaman na mayroong tao na gumagamit ng iyong numero hanggang ikaw ay tanggihang pautangin o hanggang sa ikaw ay simulang makatanggap ng mga tawag mula sa mga di-kilalang nagpapautang na naghahabol ng bayad para sa mga bagay-bagay na hindi mo naman binili.

Ang isang tao na iligal na ginagamit ang iyong numero ng Social Security at nagpapanggap ng iyong pagkakakilanlan ay maaaring magdulot ng maraming mga problema.

## Ang iyong numero ay kumpidensyal

Ang Social Security Administration ay nagbibigay proteksyon sa iyong numero ng Social Security at pinananatiling kumpidensyal ang iyong mga rekord at talaan. Hindi namin ipinamimigay ang iyong numero kahit kaninuman, maliban kung pinahihintulutan ng batas. Ikaw ay dapat na maging maingat sa pagbabahagi ng iyong numero, kahit na

sinuman ang humingi nito. Dapat mong itanong kung bakit kailangan ang iyong numero, kung paano ito gagamitin at ano ang mangyayari kung ikaw ay tumanggi. Ang mga kasagutan sa mga katanungang ito ay maaari makatulong sa iyong magpasya kung nais mong ibigay ang iyong numero ng Social Security.

## Paano maaaring manakaw ang aking numero?

Ang mga magnanakaw ng pagkakakilanlan ay makukuha ang iyong personal na impormasyon sa pamamagitan ng:

- Pagnanakaw ng mga pitaka, mga bag at ang iyong mga sulat (mga kasulatan ng bangko at credit card, mga alok na pre-approved credit, mga bagong tseke at impormasyon sa buwis);
- Pagnanakaw ng personal na impormasyon na ipinagkaloob sa isang di-protektadong site sa Internet, mula sa mga talaan ng negosyo o mga empleyado sa trabaho at personal na impormasyon sa iyong tahanan;
- Paghahalungkat sa iyong mga basura, sa basura ng mga negosyo at mga pampublikong tambakan ng basura para sa personal na datos;
- Pagpapanggap o pagkukunwari sa pamamagitan ng telepono o email bilang isang lehitimong tao na nangangailangan ng impormasyon tungkol sa iyo, tulad ng mga employer o mga kasero (landlords); o

- Pagbibili ng mga personal na impormasyon mula sa mga "taga-loob" o mga mapagkukunan sa loob. Halimbawa, ang isang magnanakaw ng pagkakakilanlan ay maaaring bayaran ang isang empleyado ng isang tindahan para sa impormasyon tungkol sa iyo na makikita sa isang aplikasyon para sa mga kalakalan, mga serbisyo o pagkakautang.

## Pagkaingatan ang iyong card at numero ng iyong Social Security

Ipakita ang iyong card sa iyong employer kapag magsisimula ka pa lang sa trabaho upang maging tama ang iyong mga talaan. Ibigay ang iyong numero ng Social Security sa iyong (mga) pampinansyal na institusyon para sa mga layuning pag-uulat na pambuwis. Itago sa isang ligtas na lugar ang iyong card at anupamang ibang mga dokumento na nagpapakita ng iyong numero ng Social Security. HUWAG ugaliing dalhin ang iyong card o ibang mga dokumento na nagpapakita ng iyong numero.

## Paano kung sa iyong palagay mayroong gumagamit ng iyong numero?

Minsan ay mas marami sa isang tao ang gumagamit ng parehong numero ng Social Security, sinasadya man ito o aksidente lamang. Kung ikaw ay naghihinalang mayroong gumagamit ng iyong numero para gamitin sa

pagtatrabaho, dapat makipag-ugnay sa amin upang ipagbigay-alam ang problema. Aming rerepasuhin ang iyong mga kinikita upang matiyak na tama ang aming mga talaan.

Maaari mo ring repasuhin ang mga kinikita na nakalagay sa iyong talaan ng paglalahad sa iyong *Social Security Statement* (Form SSA-7005, na makukuha sa Ingles lamang). Ang *Statement* ay makukuha online sa mga manggagawang nasa edad 18 o mas matanda. Upang makakuha ng kopya ng iyong *Statement*, pumunta sa ***www.socialsecurity.gov/mystatement*** at lumikha ng account.

## Paano kung ang isang magnanakaw ng pagkakakilanlan ay naglilikha ng mga problema sa aking pagkakautangan?

Kung mayroong gumagamit ng iyong numero ng Social Security o ibang mga personal na impormasyon upang makalikha ng utang o ibang mga problema sa iyo, ang Social Security ay hindi maaaring lutasin ang mga problemang ito. Subalit mayroong ilang mga bagay na dapat mong gawin:

Dapat kang makipag-ugnay sa Federal Trade Commission (FTC) sa ***www.ftc.gov/bcp/edu/microsites/idtheft***. O, maaari kang tumawag sa **1-877-IDTHEFT** (**1-877-438-4338**); TTY **1-866-653-4261**. Ang website ng FTC ay isang pambansang

'one-stop resource' na mapagkukunan ng kaalaman hinggil sa krimen ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Ito ay nagbibigay ng detalyadong impormasyon upang tulungan kang hadlangan, tiktikan at magtanggol laban sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan.

Nais mo rin na makipag-ugnayan sa Internal Revenue Service. Ang isang magnanakaw ng pagkakakilanlan ay maaari ring gamitin ang iyong numero ng Social Security upang mag-file ng buwis (tax return) upang makatanggap ng refund. Kung ang magnanakaw ay mag-file ng tax return bago ka makapag-file, ang IRS ay maniniwalang ikaw ay nakapag-file na at natanggap ang iyong refund kung nararapat. Kung ang iyong numero ng Social Security ay ninakaw, isa pang indibidwal ang maaaring gamitin ito upang makakuha ng trabaho. Ang employer ng taong iyon ay magre-report ng sahod na kinikita sa IRS gamit ang iyong numero ng Social Security, na maaaring ipakita na ikaw ay hindi nag-uulat ng lahat ng iyong kinikita sa iyong tax return. Kung sa iyong palagay ay mayroon kang mga usapin sa buwis dahil mayroong nagnakaw ng iyong pagkakakilanlan, makipag-ugnayan sa IRS Identity Protection Unit sa ***www.irs.gov/privacy/article/0,,id=186436,00.html*** o tumawag sa **1-800-908-4490**.

Gayundin, ikaw ay dapat na mag-file ng isang reklamo online sa Internet Crime Complaint Center (IC3) sa ***www.ic3.gov***.



(kabila)

Ang IC3 ay nagbibigay sa mga biktima ng cybercrime ng isang kombenyente at madaling-gamitin na mekanismo na nag-aalerto sa mga awtoridad sa mga pinaghihinalaang kriminal o mga paglabag sa batas. Ang IC3 ay pinapadala ang bawat reklamo sa isa o mas marami pang mga ahensyang tagapagpatupad ng batas o mga ahensyang namamahala na mayroong hurisdiksyon at kapangyarihan sa nauukol na paksa.

Ang misyon ng IC3 ay tumanggap, bumuo at isangguni ang mga reklamong kriminal hinggil sa mabilis na lumalawak na sakop ng cybercrime. Para sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas at mga ahensyang namamahala sa antas ng pederal, estado, lokal at internasyunal na pamahalaan, ang IC3 ay nagbibigay ng isang naka-sentrong mekanismo ng pagsasangguni para sa mga reklamong kasangkot ang mga krimen na may kaugnayan sa Internet.

Ang IC3 ay sumasalamin sa isang samahan sa pagitan ng Federal Bureau of Investigation, ang National White Collar Crime Center at ang Bureau of Justice Assistance.

Dapat mong subaybayan ang iyong credit report sa pana-panahon. Ang mga libreng ulat ng credit report ay makukuha online sa ***www.annualcreditreport.com***.

## Dapat ka bang kumuha ng bagong numero ng Social Security?

Kung ginawa mo na ang lahat upang ayusin ang mga problema na nagmumula sa maling paggamit ng iyong numero ng Social Security, at mayroon pa ring gumagamit ng iyong numero, maaari kaming magtalaga sa iyo ng bagong numero.

Ikaw ay hindi makakakuha ng bagong numero ng Social Security:

- Para iwasan ang mga resulta sa pagpa-file ng bankruptcy;
- Kung ikaw ay mayroong balak na iwasan ang batas o ang iyong legal na tungkulin; o
- Kung ang iyong card ng Social Security ay nawala o ninakaw, ngunit walang ebidensya na mayroong ibang gumagamit nito.

Kung ikaw ay magpasyang mag-apply ng bagong numero, kailangan mong patunayan ang iyong edad, ang pagkamamamayan ng U.S. o legal na pandarayuhang katayuan at pagkakakilanlan. Para sa karagdagang impormasyon, humiling ng kopya ng *Ang Iyong Numero At Tarheta ng Social Security* (*Your Social Security Number And Card*, Publication No. 05-10002-TL). Kailangan mo ring magbigay ng ebidensya na ikaw ay nalalagay sa kasahulan sa pamamagitan ng maling paggamit.

Palaging isipin na ang isang bagong numero ay marahil hindi makapaglulutas sa lahat ng iyong mga problema. Ito ay dahil ang ibang mga ahensya ng gobyerno (tulad ng Internal Revenue Service at ang mga ahensya ng estado sa pagkuha ng lisensa sa motor at pagmamaneho) at mga pribadong negosyo (tulad ng mga bangko at mga kompanyang nagpapautang) ay malamang

mayroong mga talaan ng iyong lumang numero. Gayundin, dahil ang ibang mga kompanyang nagpapautang ay ginagamit ang numero, kasama ang iba pang mga personal na impormasyon, upang kilalanin ang iyong talaan ng kredito, ang paggagamit ng isang bagong numero ay hindi naggagarantiya sa iyo ng panibagong panimula. Ito ay totoo lalu na kung ang iyong ibang personal na impormasyon, tulad ng iyong pangalan at address ay nananatiling pareho.

Kung ikaw ay makatanggap ng bagong numero ng Social Security, ikaw ay hindi na maaaring makagamit pa ng iyong lumang numero.

Para sa mga biktima ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan, ang isang bagong numero ay sa katunayan lumilkha ng bagong mga problema. Kung ang lumang impormasyon sa kredito ay hindi kaugnay sa bagong numero, ang kawalan ng kasaysayan sa kredito (credit history) sa ilalim ng bagong numero ay maaaring maging mas mahirap para sa iyo na makakuha ng kredito (credit).

## Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming

awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na makatatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10064-TL
Identity Theft And Your Social Security Number (Tagalog)
July 2012